TAGALOG

APPENDIX

Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle
Protokol ng Pampublikong Kasunduan

Dito sa mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, kami ay naniniwala na ang bawa't bata ay marapat sa pagkakataon na magtagumpay. Bukod sa roon, kami ay naniniwala, na mabigyan ng tamang tulong, ang bawa't isang bata ay magtatagumpay.

Sa aming pananaw para sa aming paaralan:

- Lahat ng mga mag-aaral ay nakaabot sa mataas na antas, tumanggap ng tulong na kanilang kailangan at nakapagtapos sa mataas na paaralan, nakapaghanda para sa kolehiyo, karera at buhay.

- Bawa't paaralan ay isang paaralang mataas ang katangian.

- Ang mga lider ng Distrito at mga kawani ay modelo ng kahusayan para sa ating mag-aaral.

  Kinikilala namin na ang malamang naming tagumpay sa pagtatamo ng ganitong pananaw ay pinalakas sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng ating maraming mga may interes. Ang Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako na paghuhusayin at pararamihin ang mga pagkakataon para sa mga kawani, mga pamilya, at ibang miyembro ng pamayanan sa pakikisama sa mga pinuno ng Distrito, lalo na sa mga bagay na may pangmalawakang distrito epekto. Habang isinasagawa namin ang aming estratehiyang plano, Kahusayan para sa Lahat, nais namin na gumawa ng maliwanag na pag-asam tungkol sa kung paano at kailan ipapaalam ng distrito sa pamayanan. Ang tungkol sa ating progreso at isama ang mga may interes sa paggawa ng dessiyon.

  Ang" Kahusayan para sa Lahat" ay nagtakda ng malinaw na limang-taong mga layunin para mapahusay ang paggawa ng mga mag-aaral, at binalangkas ang limang nakatuong paksa na pinaniniwalaan naming makakatulong sa amin para makamit ang aming mga layunin.
  1. Mga Akademiko – siguruhin ang kahusayan sa bawa't silid-aralan
  2. Human Resources – pagpapalakas ng mga pinuno sa pangmalawakang sistema
  3. Inprastraktura– pagtatayo ng IT, pinansiyal at pisikal na inprastraktura na makakagawa ng mabuti
  4. Paggawang Pamamahala – lumilikha ng mga gamit, mga sistema at isang kultura na magbibigay gantimpala ng mataas na paggawa
  5. Pakikipag-ugnay ng May Interes – pakikipag-usap sa at pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing kasama sa lahat ng antas

Ang mga pangkat ng proyekto na gumagawa para maipatupad ang"Kahusayan para sa Lahat" sa bawa't isang anggulo nito ay magdidisenyo ng mga kasunduang plano ng mga may interes na angkop para sa bawa't proyekto. Upang mapanutbayan itong proseso, kami ay gumawa nitong protokol ng pampublikong kasunduan batay sa parte ng espektro ng kasunduan ayon sa ginawa ng Samahan ng Internasyonal para sa Pampublikong Partisipasyon.

TAGALOG

Samahang Internasyonal para sa Espektro ng Publikong Partisipasyon sa Kasunduan

	Ipabatid	**Konsultahin**	**Makasama**	**Makipagtulungan**	**Bigyan ng Kapangyarihan**
Adhikain sa Kasunduan	Bigyan ng balanse at may layong impormasyon upang matulungan ang tao sa pag-unawa sa problema, mapamimilian, pagkakataon at/ o solusyon	Kumuha ng mga saloobin sa pagsusuri, mapamimilian at/ o mga desisyon	Magtrabaho ng direkto sa publiko sa buong proseso upang masiguro ang mga pag-aalala at ang mga mithiin ay palaging nauunawaan at naisasaalang-alang	Makisama sa publiko sa bawa't aspeto ng pagbuo ng desisyon, pati na ang pagbuo ng mapapamilian at ang pagtukoy ng napiling solusyon	Ilagay ang pangwakas na pagbuo ng desisyon sa mga kamay ng publiko
Pangako sa mga may interes	Parati naming kayong babalitaan	Parati naming kayong babalitaan, makinig sa at tanggapin ang pag-aalala at mga mithiin, at bigyan ng puna kung paano nakakaapekto ang sinasabi ng publiko sa desisyon	Kami ay gagawa upang siguruhin na ang pag-aalala ng publiko, at mga mithiin ay tuwirang malarawan sa mga alternatibo, magbuo at magbigay ng puna kung paano nakakaapekto ang sinasabi sa desisyon	Hahanap kami sa publiko ng payo at pagbabago sa paggawa ng mga solusyon at maisama ang inyong payo at rekomendasyon sa mga desisyon hanggang sa pinakamataas na posibilidad	Aming ipatutupad kung ano ang desisyon ng publiko
Mga Potensiyal na mga Gamit	- Fact sheets - Web sites - Open houses	-Publikong Pulong - Mga surbey	- Workshops - Pagbobotohan ng Opinyon	- Mga komite sa Pagpapayo - Magkabahaging mga desisyon	- Botohan

[1]Ang mga detalyeng halimbawa ng mga gamit at paraan kaugnay sa bawa't antas ng kasunduan ay makikita sa ibaba.

TAGALOG

Ang aming Protokol para sa Kasunduan para sa Lahat ng Estratehiyang Plano ng mga Proyekto Para sa Lahat ng pangunahing mga proyekto, ang Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nangako, na sasabihan ang mga may interes ng aming paraan at progreso, (na isinaad sa "Ipabatid" na bahagi ng espektro sa itaas).

Kailanman at pahihintulutan ng pondo susubukan namin na magbigay ng mas mataas na antas na kasunduan sa mga may interes. (Konsultahin, Makasama,Makipagtulungan,at Bigyan ng Kapangyarihan. Para doon sa mga pinakamahalagang mga proyekto na nakakaapekto sa ating mga may interes, kami ay kikilos ng higit sa at lampas sa aming batayang pangako upang magbahagi ng impormasyon kung ang oras at pondo ay magpahintulot:

Ang mga bahagi sa ibaba ay magbibigay ng mas **tiyak na mga halimbawa ng mga uri ng mga aktibidad** na maaaring maialok na angkop para sa bawa't isang proyekto sa iba't ibang antas ng kasunduan.

Ipabatid: ang mga aktibidad na nakalista sa ibaba ay mga halimbawa na maaring mga aktibidad para dito sa antas ng kasunduan:

Paglalagay ng Pampublikong Web site

- Isang malawak tanaw sa proyekto, kabilang ang mga layon, malayong narating at pagtukoy sa kaalamang nakuha sa mga may interes na interesado sa resulta nitong gawain
- Isang "fact sheet" na may mga sagot sa mga kadalasang mga itinanong, kapwa inaasahan sa simula ng kawani at iyong mga lumitaw habang nasa kurso ng kasunduan
- Isang timeline na malinaw na nagpapakita ng mga hakbang sa proseso ng paggawa ng desisyon at pagkakataon para magbalita kaugnay sa huling araw
- Isang taga-ugnay na kawani para sa mga tanong o mga puna
- Impormasyon sa pinagmulan na binago sa buong itinagal ng proseso
- Impormasyon hinggil sa sangkapat na pangmalawakang distrito mga publikong pagpupulong
- Impormasyon hinggil sa karagdagang mga pagkakataon sa kasunduan

Napakaraming karagdagang mga paraan ng komunikasyon

- Nasa telebisyon mga pulong ng Lupon at pagpapakita ng magkakaugnay na mga materyal sa web site
- "Kid mail" para palaganapin ang kaalaman ng sangkapat na publikong mga pulong.
- USPS na koreo para sa importanteng pangmalawakang distritong komunikasyon
- Distritong sistema ng pagtawag upang palaganapin ang kasunduan
- Mga pahayagan ng paaralan na ipinadala sa mga empleyado, mga pamilya at mga miyembro ng publiko, na ang bawa't isa ay inaanyayahan para ipaalam sa mga pamilya, at ibang mga grupo ng pamayanan sa pamamagitan ng kanilang pahayagan, mga pulong, at ibang regular na paraan na nakasulat at pasalitang pagpapabatid.
    - o *School Beat* ipinadala sa lahat ng kawani ng SPS, mga pamilya at miyembro ng pamayanan na pumirma at nalagak sa pampublikong Website
    - o *Classroom Connection* ipinadala sa lahat ng mga guro at ibang kawani sa pagtuturo
    - o *Principal Communicator* ipinadala sa lahat ng mga punong-guro
- Mga inilabas na mga balita na mahalagang mga patalastas at pampublikong mga pulong
- Mga mataas ang antas na mga artikulo sa SPs News Web na may kaugnayan sa marami pang impormasyon
- Paggamit ng mga lumilitaw na mga teknolohiya (texting, wikis, atbp.), lalo na sa paraang makasundo ang mga mag-aaral

Mga Pagpupunyagi upang makakuha ng kabatiran

- Nakalaang e-mail na tirahan (goodnews@seattleschools.org) para sa panlahat na mga tanong o mga puna
- Tiyak na e-mail sa mga tirahang proyekto upang makakuha ng kabatiran (tulad ng

capacity@seattleschools.org)
• Mga tawag sa telepono o sulat sa mga kontak na kawani na may kaugnayan sa malaking proyekto

Pagkilala sa pagtanggap at paggamit ng impormasyong tinanggap
• Pagbibigay ng pinakabagong impormasyon tuwing sangkapat na buwan, kabilang ang mga pagbibigay pansin sa bagong impormasyong tinanggap na dininig at kung paano ito binigyan ng konsiderasyon. Ang mga bagong impormasyon sa mga pulong ng lupon ay inihahayag sa pamamagitan ng Web site at ipinakikita sa telebisyon sa SPS TV. Ang mga ipinakitang mga bagay ay inilagay sa Website.

Pagpapaliit ng mga hadlang
• Ang Pampublikong Paaralan ng Seatle ay nakapangako sa pagpapalit ng mga hadlang para sa mga mag-aaral at mga pamilya na may mga espesyal na pangangailangan. Lahat ng publikong lugar sa pagpupulong ay magiging laan sa mga taong may kapansanan. Ang Distrito ay gagawa kasama ng mga pamilya at kawani ng maaga upang gumawa ng mga pag-aayos para sa mga kailangang serbisyo na inalam agad.
• Ang Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagpapaliit ng mga hadlang sa kasunduan para sa ating mga pamilya na may iba't ibang wika at mga miyembro ng pamayanan. Para sa lahat ng mahahalagang panukala, ang Pampublikong Paaralan ng Seattle ay isasalin ang mga madalas na itanong na bagay at kahit anong sulat sa mga pamilya sa pangunahing wika sa ating pamayanan na may iba't ibang wika. Ang mga serbisyong pagpapaliwanag at pagsasalin ng mga dokumento ay ipababatid ng maaga sa sangkapat na buwanang mga pagpupulong.
Pagpapabatid
• Ang Tagapamahala ng Proyekto ay makikipag-alam sa mga kawani ng ating Pampamilya Bilinggwal at Pamayanang Kasunduan bilang mensahero sa mga pormal at inpormal na pagbabalita ng pamayanan na epektibong naabot ang mga iba't ibang populasyon na kumakatawan sa ating mas malaking pamayanang paaralan. *Magsusumikap kami na ibahagi ang impormsyon sa paraang tama sa oras upang suportahan ang tagumpay sa mga pagsusumikap na ito.*

Ang mga sumusunod na mga bahagi ay mga halimbawa ng klase ng aktibidad na maaring ialok ng Distrito kapag may pondo at ang mga proyekto ay mauuna sa antas ng kahalagahan na mangangailangan sa atin na kumilos ng higit sa paghahati ng impormasyon..

Magkonsulta: lahat ng mga aktibidad na nakalista sa itaas ay mga potensiyal na aktibidad para dito sa antas ng kasunduan, idagdag:

Paglalagay ng Pampublikong Web site
• Dokumentadong dalawahang pakikipag-alam sa mga grupong may interes at mga komiteng tagapayo
Malaking modelo ng komunikasyon
• "Kid mail" at diretsong pagpapadala ng mga sulat o postkard upang ipaaalam ang mga pulong pampubliko at ibahagi ang kritikal na impormasyon
• Sistemang automatikong pagtawag ng Distrito upang mapaunlad ang kasunduan

Mga Pagsisikap upang makakuha ng kabatiran
• Pagsusuri ng pag-aanalisa, mga pagpipilian, at mga desisyon na may bukas-tapos na mga katanungan tungkol sa mga pagkabahala at mga adhikain
• Mga pampublikong pulong/ pagtatanghal/ mga talakayan ng panel/ mga pangyayari na may iba't ibang kuro-kuro na ipinakikita na may pagkakapantay-pantay

• Sumali sa radyo at telebisyon na mga pagtatanghal para magbahagi ng impormasyon at makinig sa mga miyembro ng pamayanan
•Pakikipag-usap sa Web

Pagkilala sa pagtanggap at paggamit ng impormasyong natanggap
• Nakasulat na buod ng bagong pangyayari gawa ng Superintendente sa Lupon ng Paaralan

Makasama: lahat ng mga aktibidad na nakasulat sa itaas ay mga potensiyal na aktibidad para dito sa antas ng kasunduan, idagdag:

Paglalagay ng Pampublikong Web
• Tala ng tinanggap ng impormasyong galing sa publiko at ang mga sagot kung paanong ang impormasyong isinaalang-alang ay nalagay bago nagawa ang desisyon
• Ang mga pangalan, tanggapan, at impormasyon ng kontak para sa mga miyembro ng komite na gumagawa ng mga rekomendasyon at/ o desiyon

Mga Pagsisikap upang makakuha ng kontribusyon na impormasyon
• Mga karaniwang –pulong /workshops bago magawa ang mga desisyon na ang mga mahabang oras ay naiukol sa mapapanaligang mga pag-uusap sa mga taga-gawa ng desiyon
• Ipokus ang mga grupo sa mga may interes

Pagkilala sa pagtanggap at paggamit ng impormasyong natangap
• Mataas – na antas ng impormasyong natanggap at ang mga sagot doon sa impormasyon

Makipagtulungan: lahat ng mga aktibidad na nakalista sa itaas ay mga potensiyal na mga aktibidad para dito sa antas ng kasunduan, idagdag:

Mga pagsisikap na makakuha ng kontribusyon na impormasyon
• Kasama ang mgg publikong miyembro ng komite na gumagawa ng mga desisyon at mga rekomendasyon
• Bahaging responsibilidad para sa mga desisyon at pagpapatupad sa pagitan ng kawani ng Distrito at grupo ng mga may interes
• Mga pangyayari at mga pagsisikap dinesenyo at/ itinaguyod kasama ng mga may interes

Pagkilala sa pagtanggap at paggamit ng impormasyong natanggap
• Detalyadong mga buod ng natanggap na impormasyon at kung paano ito gagamitn sa paggawa
ng desisyon